

# Ano ang WIDA Alternate ACCESS?

**Ang WIDA Alternate ACCESS ay isang pagsusulit na ibinibigay sa mga mag-aaral sa mga baitang K-12 na kinilala bilang mga nag-aaral ng Ingles na may pinakamahalagang kapansanan sa pag-iisip.**

Sinusukat ng WIDA Alternate ACCESS ang mga kasanayan sa wikang Ingles ng mga mag-aaral sa Pakikinig, Pagbabasa, Pagsasalita, at Pagsusulat.

## Bakit kumukuha ang aking anak ng WIDA Alternate ACCESS?

Ang iyong anak ay kinikilala bilang isang mag-aaral sa Ingles na ang ibig sabihin ay ang iyong anak ay maaaring magkaroon ng mga suporta sa serbisyo ng wikang Ingles, bilang karagdagan sa pagkuha ng iba pang mga klase. Ang mga mag-aaral ng Ingles ay kumukuha ng pagsusulit sa kasanayan sa wikang Ingles bawat taon. Maraming mga mag-aaral ng Ingles ang kumukuha ng pagsusulit sa ACCESS for ELLs. Ang dahilan kung bakit kumukuha ang iyong anak ng pagsusulit sa WIDA Alternate ACCESS ay malamang dahil

- Natutukoy sila bilang may mga makabuluhang kapansanan sa pag-iisip.
- Iniisip ng kanilang mga guro na ang WIDA Alternate ACCESS, na nag-aalok ng dagdag na suporta at mga pagkakataong tumugon sa mga aytem ng pagsusulit, ay pinakamahusay na magbibigay-daan sa kanila na ipakita ang kanilang pagbuo ng mga kasanayan sa wikang Ingles.

## Kahasayan sa Wikang Ingles

Ang antas ng kasanayan sa wikang Ingles ay isang sukatan kung saan ang mga mag-aaral ay nasa proseso ng pagbuo ng mga kasanayan sa wikang Ingles na kailangan upang ma-access ang pagtuturo ng nilalaman sa Ingles. Kapag naabot ng mga mag-aaral ang pinakamataas na antas ng kasanayan sa wikang Ingles, hindi na nila kailangan ang mga serbisyo ng suporta sa wika upang lumahok sa pagtuturo ng nilalaman na nasa Ingles.



## Paano ginagamit ang mga marka ng WIDA Alternate ACCESS?

Ang pagsusulit ay tumutulong sa mga guro na maunawaan kung ang mga mag-aaral ay may mga kasanayan sa wika na kailangan nila upang ganap na makilahok sa silid-aralan. Ang mga mag-aaral ng Ingles na may mga kapansanan ay **maaaring** matuto ng mga kumplikadong sistema ng wika at komunikasyon. Ginagamit ng mga guro ng iyong anak ang mga marka sa pagsusulit ng WIDA Alternate ACCESS sa pagpapasya kung papaano sila turuan sa pinakamahusay na paraan.

Ang mga marka ng pagsusulit ay tumutulong din sa mga guro na subaybayan ang pag-unlad ng iyong anak sa pag-aaral ng akademikong Ingles at tumutulong ito sa mga paaralan na magpasya kung anong mga suportang serbisyo sa wikang Ingles ang ibibigay. Maaari mong gamitin ang impormasyon sa pagsusulit upang itaguyod ang iyong anak sa paaralan.

## Paghahanda para sa WIDA Alternate ACCESS

- Ang iyong anak ay hindi kailangang mag-aral sa WIDA Alternate ACCESS. Ang pagsusulit ay isang pagkakataon para sa mga mag-aaral na ipakita ang lahat ng paraan na kanilang naiintindihan at maaaring makipag-usap sa Ingles.
- Maghanap ng mga halimbawang mga tanong sa pagsusulit ng WIDA Alternate ACCESS sa page ng Alternate ACCESS Sample Items ng WIDA website, [wida.wisc.edu/assess/alt-access/preparing/practice](https://wida.wisc.edu/assess/alt-access/preparing/practice).
- Maghanda para sa araw ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagtiyak na ang iyong anak ay natulog ng sapat at kumain ng almusal.
- Makipag-usap sa mga guro ng iyong anak tungkol sa kung kailan mo matatanggap ang mga marka ng pagsusulit, kung paano ginagamit ng paaralan ang mga markang iyon, at kung paano masusuportahan ng iyong pamilya ang pag-unlad ng wika ng iyong anak sa bahay.

## Mga katanungan na maaari mong itanong sa mga guro ng iyong anak

- Paano itatala at susubaybayan ang mga layunin sa pagpapaunlad ng wikang Ingles ng aking anak?
- Kailan kukuha ng WIDA Alternate ACCESS ang aking anak?
- Kailan ko matatanggap ang mga marka ng pagsusulit sa WIDA Alternate ACCESS ng aking anak?
- Paano ginagamit ang mga marka ng pagsusulit upang matulungan ang aking anak na umunlad sa pag-aaral ng akademikong Ingles?
- Paano ka magpapasya kung kailan hihinto ang aking anak sa pagtanggap ng mga serbisyo sa wikang Ingles?

